

# 4th Bantayog Festival tampok sa pagdiriwang ng 88th Founding Anniversay ng CNorte




PROVINCE OF CAMARINES NORTE OFFICIAL SEAL

# BATINGAW

DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

TAON 7, BLG. 10 DAET, CAMARINES NORTE ABRIL 2008

"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"

Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com


**nasa loob**


EDITORYAL 4

PIKTORYAL 5


**Come & Visit Cam. Norte**

Makulay, maingay, masaya at masigla ang naging pagtatapos ng selebrasyon dito ng 88th *Founding Anniversary* ng Lalawigan Camarines Norte noong Abril 15 na ang mga aktibidad ay nakatuon sa *4th Bantayog Festival*.

Halos iisang direksyon ang tinungo ng karamihan sa mga residente sa 12 bayan ng lalawigan – *ang Provincial Capitol* – upang makiisa sa naturang okasyon na tinatawag na *Grand Festival Day*.

Sinimulan ito sa

(*Sundan sa pahina* **2**)

***Ang iba't-ibang aktibidad kaugnay ng selebrasyon ng 88th Foundation Anniversary ng Camarines Norte at ika-4 na Bantayog Festival dito sa lalawigan. Ilan dito ay ang 'Baile sa Dalan' na dinaluhan ni Regional Director Maria Ravanilla ng DOT RO5; Sagalahan sa Bantayog, at Street Dancing Competition.***










# Mahabang Buhangin sa Calaguas Islands; 'BORACAY' ng Camarines Norte

Kahanga-hanga sa ganda ang lugar na ito na mas pino pa ang buhangin kumpara sa Boracay, may malinis na tubig-dagat, luntiang paligid at naggagandahang koral sa ilalim ng dagat ang bubulaga sa isang *adventurer* o *nature lover* sa oras na tumuntong ang kanilang mga

(*Sundan sa pahina 8*)





# Night-Atac kampeon sa 1st Bantayog Airsoft Competition

Panauhing pandangal si *General Manager* Robert Dean Barbers ng *Philippine Tourism Authority (PTA)* sa *1st Bantayog Airsoft Competition* na isinagawa noong Abril 15, 2008 sa *Eco-Athletic Field*, Daet, Camarines Norte na nilahukan ng may 22 grupo ng mga *airsoft enthusiasts* na nagmula pa sa iba't-ibang panig ng Pilipinas.

Isa ito sa mga aktibidad na isinagawa kaugnay sa pagdiriwang dito ng *88th founding anniversary* ng lalawigan ng Camarines Norte at 4th *Bantayog Festival*,


Ayon kay Darius Mirasol, kawani ng *General Services Office (GSO)* ng pamahalaang panlalawigan at tagapamahala ng nasabing kumpetisyon, kinuha pa nila ang serbisyo ng *Marine Force Recon*, isang kilalang grupo sa Metro Manila na nagsilbing mga *umpire referees* at siyang pangkalahatang nangasiwa sa kumpetisyon para maiwasan na mabahiran ng kontrobersya ang resulta nito. Idinagdag pa ni Mirasol na nagbayad ng P1,500.00 bilang *registration fee* ang bawat kalahok na grupo na may tig-10 miyembro.

Samantala, ilan sa mga opisyal na kalahok sa *airsoft competition* ay ang *Naga Alliance Tactical Team (NATO), Pasacao Airsoft Tactical Team (PTAS), United Rinconada Airsoft Group (URAG), Blackhawk Airsoft Assault Squad (BATAS), Airsoft Tactical Corps (ATAC), Partido Airsoft Extreme (PAX), Daet Airforce Elite Team (DATU), Airsoft Knights (AK), Capitol Ranger Squad (CRS), Bihug Airsoft Team (BAT), RAGTAG, BULL HUNTER,* at iba pa.

Nakuha ng *NIGHT-ATAC* ang kampeonato sa naturang kumpetisyon at premyong P15,000.00 ka-

(Sundan sa pahina 3)







*Ang designer na si Mark Zamudio (gitna) kasama ang ilang opisyal ng bayan ng Paracale sa pangunguna ni Mayor Romeo Y. Moreno at si Maggie Pajarillo-Polillo ng Governor's Office matapos ang 'Sagalahan' sa harap ng Kapitolyo kung saan itinampok ang mga disenyo ni Zamudio; Ang mga opisyal at miyembro ng mga airsoft clubs mula sa iba't-ibang lugar sa bansa na sumali sa Airsoft competition na ginanap sa*

## 4th Bantayog ...

(Mula sa pahina 1)

pamamagitan ng *flag raising ceremony* sa *Provincial Capitol Grounds* sa ganap na ika-8 n.u. na pinangunahan ng mga matataas na opisyal ng lalawigan, at sinundan ng *commemorative mass* na pinangasiwaan ni *Bishop* Gilbert A. Garcera ng *Holy Trinity Cathedral*, Daet, Camarines Norte.

Nakiisa ang mga opisyal at kawani mula sa mga pamahalaang bayan, panlalawigang tanggapan at tanggapang nasyonal na nakabase sa lalawigan sa *Grand Street Parade* na isinagawa kaugnay ng naturang *festival day*.


Samantala, mas maraming tao ang nagtungo sa *Provincial Capitol* para saksihan ang taun-taong kumpetisyon na pinakaaabangan ng lahat, ang *grand street dancing competition* na isinagawa sa *Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center (CNASCC)* sa ika-3 n.h.. Nilahukan ito ng mga bayan ng Basud, Daet, Jose Panganiban, Labo at Paracale.

Tiniis ng lahat ang matinding init ng araw masaksihan lamang ang naturang kumpetisyon at hindi naman nasayang ang kanilang pagod at paghihintay sapagkat nagpakitang-gilas ang mga kalahok

(Sundan sa pahina 6)

# Mga disenyo ni Mark Zamudio ng QTV Channel itinampok sa 'Sagalahan'

Nagpatingkad sa dilim ng gabi ang mga makukulay at natatanging kasuotan na inirampa ng may 20 kababaehan at 12 kalalakihan sa isinagawang *Sagalahan sa Bantayog (Fashion Show 2008)* noong Abril 10, 2008 ika-6 n.g. sa *Provincial Capitol Grounds.*



Mark Zamudio

Idinisenyo ng pamosong *fashion designer* ng *QTV Channel* na si Mark Zamudio ang mga kasuotang tulad ng *lingerie, casual wear, aerals outro, goddess and slaves, summer gowns, modern pinoys, mother and child,* at *avante garde wedding gowns.*

Si Zamudio ay isa nang matagumpay na *fashion designer* sa bansa na mula sa bayan ng Paracale, Camarines Norte.

Boluntaryong nagsanay at sumali rito ang 37 lokal na modelo rito na 14 hanggang 26 taong gulang na kinabibilangan nina: Ericka P. Polillo, Aileen Gay O. Dolor, Ann Margarette P. Polillo, Jaydy G. Brojan, Mae Precious Jewel J. Lasan, Joyce Ann H. Villafuerte, Mae Angela O. Panotes, Claudine San Antonio, Miyuki C. Remoroza, Mannix Z. Candelaria, Magelyn T. Villanueva, Marichu A. Castro, Sheilo M. Boral, Princess Harlene S. Boral, Gizelle dela Rosa, Maryzon M. de Lemios, Gizelle A. Zamudio, Jessa J. Calleja, Yvette Montuya, Jhake M. Glipo, Al Dy, Michael D. Mabeza, Manuel Antonio C. Fuentebella, Johnson Beldija Monteclaro, Alvin Rubio,

(Sundan sa pahina 8)

Breast Feed your baby

# Schedule of Activities - Bantayog Festival

## March 17-April 16, 2008

| | |
|---|---|
| March 17 | - Installation of Honor Guard |
| March 23 | - Kaogmahan sa Bagasbas<br>*(Sagip-Buhay, Laro ng Lahi, Palo-Sebo, Hitting the Pot, Tug of War, Kite Flying and Sand Carving Competitions, CANON Digital Camera Best Sunrise Shot at Bagasbas Beach, Bazaar)* |
| April 1 | - Grand Festival Opening<br>♦ *Motorcade Extravaganza*<br>♦ *Opening Ceremonies*<br>♦ *Alay-Lakad*<br>♦ *Bagasbas Mural Painting Competition* |
| April 1 - 15 | - Party sa Parke |
| April 3-4 | - Provincial Jobs Fair Mobile Passport Services and Processing of NBI Clearance |
| April 4 | - Socio –Civic Military Parade |
| April 4-6 | - Practical Shooting Competition<br>Governor Jesus O. Typoco Jr.'s Shoot Fest |
| April 4-6 | - Bagasbas Beach Football |
| April 6 | - Hardstring *(Battle of the Band)* |
| April 6-9 | - Seminar-Workshop for Tourist-Oriented Police |
| April 7 | - Bantayog Cycling Tour |
| April 8-15 | - Bantayog Tourism and Trade Fair<br>(*Venue: Provincial Capitol Grounds)* |
| April 10 | - Sagalahan sa Bantayog *(Fashion Show)*<br>*(Provincial Capitol Grounds, 6:00 p.m.)* |
| April 11-13 | - Surfing Festival<br>*(Venue: Bagasbas Beach, Daet, Camarines Norte)* |
| April 11-13 | - Bantayog Climb<br>*(Venue : Tucad, Mt. Labo)* |
| April 12-13 | - Bantayog Chess Tournament<br>*(Audio Visual Room, 2nd Floor Annex, Provincial Capitol)* |
| April 13 | - 4th Bantayog Run<br>*(Venue: Downtown Daet)* |
| April 13 | - Bantayog Air Soft Gun Competition<br>*(Venue: Eco-Athletic Field, Daet, Camarines Norte)* |
| April 13 | - Pageant Night for the Search for Ms. Camarines Norte<br>*(7:00 p.m., Camarines Norte Agro-Sports Center)* |
| April 14 | - DBC - CAT Military Competition *(1:00 p.m.)*<br>*(Provincial Capitol Grounds-Downtown Daet and vice versa)* |
| April 14 | - Groundbreaking Ceremony for the Establishment of Provincial Tourism Information Center<br>*(Venue: Bagasbas, Daet, Camarines Norte)*<br>Guest of Honor:<br>**HON. ROBERT DEAN BARBERS**<br>General Manager, Philippine Tourism Authority |
| April 14 | - Tribute to the Local Revolutionary Heroes Relatives<br>*(Venue: Liwasan ng mga Bayani)* |
| April 15 | - Flag Raising Ceremony<br>*(8:00 a.m., Provincial Capitol Grounds)*<br>- Commemorative Mass *(right after the flag raising ceremony)*<br>*(Camarines Norte Agro-Sports Center)*<br>- Grand Street Parade<br>- Street Dancing Competition and Float Competition<br>*(Venue: Provincial Capitol Grounds)* |
| April 15 | - Globe Free Concert featuring TRUE FAITH<br>*(Venue: Provincial Capitol Grounds)* |
| April 15 | - GRAND FIREWORKS DISPLAY<br>*(Venue: Provincial Capitol Grounds)* |

# Night-ATAC kampeon ...

*(Mula sa pahina **2**)*

sama ang tropeo. Naiuwi ng *PTAS Oakwood* ang ikalawang puwesto at premyong P10,000.00, at; ang ikatlong puwesto ay nasungkit naman ng *PAX-ALPHA Team* kasama ang premyong P5,000.00.

Bilang karagdagan, ang *airsoft* ay isang laro na kinahihiligan hindi lamang ng mga kalalakihan kundi maging ng mga kababaihan man sa Pilipinas. Nilalaro ito gamit ang tunay na replikang baril na ginagamitan ng *ball bearings*.

Tinatawag din itong *honesty game* sapagkat mula sa dating paint ball na nagbibigay-marka sa oras na matamaan ang manlalaro, kakaiba ang baril sa larong airsoft na walang naiiwang bakas kapag natamaan ng plastic na bala nito at ang tanging pag-amin lamang ng manlalaro ang nagiging basehan sa puntos ng magkakatunggaling grupo.

Napatatag din nito ang samahan ng mga miyembro ng bawat grupo at nade-*develop* ang *teamwork* ng bawat grupo sapagkat natututuhan nilang kumilos na na may koordinasyon at pagkakaisa.

Ipinahayag naman ni *Provincial Tourism Officer-Designate* Edgardo R. Reyes na maliban sa pagsali sa kumpetisyon layunin din ng mga kalahok na makapunta sa mga lugar-panturismo dito sa Camarines Norte. Inaasahan din niya na sa pamamagitan nito ay unti-unting makilala at tatangkilikin ng lahat ang ating Bantayog *Festival*. ***GINA B. RACELIS/LT IBASCO***

# 23 exhibitors lumahok ...

*(Mula sa pahina **8**)*

Matatandaan din na ang mga produkto ng *Corzo Crafts* na pag-aari ni Fidel Senses ng bayan ng Labo ay nakalahok sa Manila Fame exhibit na naging daan upang makilala ang Camarines Norte sa larangan ng paggawa ng mga *native handicraft products*.

Binubuo naman ng 7 mga establisimyento, kooperatiba at/o samahan ang *agricultural sector* na nahahati sa 2 kategorya: mga kakanin at pantanim.

Nagtinda rito ng mga kakaning tulad ng *pili roll, putong puti, pili candies, pili tarts, cassava pudding, sun-dried peanuts*, at iba pa ang *Abby's* Pasalubong, *Vinzons Food Producers*, at *Camarines Norte Producers Association*.

Nagbenta naman ng mga *ornamental plants, seeds* at iba pang *farm products* ang *Millennium Garden Cooperative*, Big *Norman's Garden, Supplies and Services; Provincial Nursery (Office of the Provincial Agriculture), New Era Enterprises*, at *Lyn's Ornamental*.

Pinakatampok sa naturang eksibit ang *One-Town-One-Product (OTOP)* mula sa 3 bayan dito: Labo – mga kasuotan na gawa mula sa hibla ng pinya at *handmade paper products*, Basud – *processed pineapple food products*, Vinzons – *pili and pineapple-based products*, at *native delicacies and pastries*.

Itinaguyod ng pamahalaang panlalawigan ang naturang *agro-industrial, tourism and trade fair* sa pamamagitan ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* na pinamumunuan ni *Provincial Agriculturist* Rodolfo B. Salamero at sa pakikipagtulungan ng *Department of Trade and Industry (DTI)* sa pangunguna ni *Provincial Director* Ernesto T. Pardo.

Layunin nito na maipakilala at sa kalaunan ay tangkilikin ng mga mamamayan at dayu-

*(Sundan sa pahina **9**)*




# EDITORYAL

## HAPI-HAPI SA PARKE, HINDI BEER PLAZA

Nakatutuwang tingnan ang mga pamilya at magkakaibigang magkakasama at nagba-*bonding* sa *Freedom Park*.

Ito ang mga eksenang nakikita tuwing sumasapit ang pagdiriwang ng taunang anibersaryo ng pagkakatatag ng Lalawigan ng Camarines Norte na tinatampukan ng pagsasagawa ng *Bantayog Festival* dito kung saan nagkakaroon din ng Hapi-Hapi sa Parke.

Isa itong *family entertainment* na ginagawa sa parke sa loob ng isa hanggang dalawang linggo sa harapan ng kapitolyo. Maraming maliliit na tindahan ng mga pagkain at inuming pampamilya ang makikita rito at meron ding banda ng musika na nagsisilbing *entertainment* sa mga nakikisaya rito.

Ngunit sa pagdiriwang ng *Bantayog Festival* ngayong taon, may mga tumutuligsa sa diumano'y pagbabago sa orihinal na konseptong pampamilya ng hapi-hapi sa parke. Samantalang bahagi ng nasabing okasyon ang pagbibenta ng mga nakalalasing na inumin at mga pulutan, maliban pa sa ibang makikitang bilihin dito, mayroong mga may pwesto rito ang kahit na sa mga menor de edad ay nagpapabili ng inuming nakalalasing ganun din ng sigarilyo. Ginagawa pa rin nila ito sa kabila ng mga ordinansang bayan na nagbabawal sa pagpapabili sa mga kabataan ng inakalalasing na mga inumin (*intoxicating liquor)* at sigarilyo.

Ito ang pinagbubuntunan ng sisi at ginagawang dahilan sa hindi kanais-nais na nangyayaring karahasang kinasasangkutan ng mga kabataan sapagka't napakarami diumano sa kanila ang pinapayagang bumili at tumungga ng nakalalasing na inumin dito.

Ang pagpuna ay nakatutulong kung ito ay makabubuti sa pamayanan. Dahilan dito, napapanahon na sigurong kumilos para sa pagsasabatas ng kautusan sa pagpapatupad sa paglalagay ng *signages* sa mga tindahan tungkol sa pagbabawal sa pagpapabili ng mga *alcoholic drinks* at sigarilyo sa mga kabataan.

# SP Resolution No. 143-2008

## Philippine Guidelines on the Protection of the Trafficked Children

Nakaaalarma na ang dumaraming bilang ng mga kumpirmado at di-kumpirmadong ulat ukol sa mga insidente ng trapiking sa ilang panig ng bansa at maging sa lalawigan man ng Camarines Norte,.

Karamihan sa mga nagiging biktima ng trapiking ay ang mga menor de edad, babae o lalake man, na ang ilan ay kinidnap, puwersahang kinuha, at/o pinangakuan na bibigyan ng maayos na trabaho at mataas na pasahod na hindi naman totoo.

Kadalasan silang nasasadlak sa prostitusyon sa mga *videoke bars* at *beer houses* o *KTV bars*; at, ginagamit din sa pornograpiya gamit ang mga *web cameras* at ipinakakalat ang malalaswang larawan nila sa pamamagitan ng *internet* at *camera-equipped mobile phones* ó *celphones*.

Nagiging kasambahay ang ilan sa kanila, nagtatrabaho sa mga babuyan, itikan at iba pa, ginagawang katulong sa mga minahan o sa mga konstruksyon, tinuturuang magnakaw, gamit sa pagbebenta ng mga iligal na droga, at iba pang mga mapanganib na uri ng paggawa tulad ng *deep sea fishing*, *pyrotechnics* o sa pag-iisprey ng kemikal sa mga pataniman.

Matatandaan na napabalita na, na kumilos ang *Philippine Against Child Trafficking (PACT)* para makipagtulungan sa pamahalaang nasyonal upang maproteksyonan ang mga biktima ng trapiking nang balangkasin nila kabilang ang Asia ACTs, ang proposed *Philippine Guidelines on the Protection of Trafficked Children* na inilunsad ng PACT sa pamamagitan ng isang *Soft Launch* nito sa isinagawang *IACAT Luzon Sub-National Conference* noong ika-11 ng Disyembre 2007 na dinaluhan naman ng mga miyembro ng *Inter-Agency Council Against Trafficking (IACAT).*

Sa kabila ng pagkaka-*adopt* kaagad ng *counterpart version* nito na tinaguriang *Southeast Asian Guidelines on the Protection of the Trafficked Children*, nabatid na hindi pa rin naa-*adopt* ng *IACAT* ang *Philippine version* noong Pebrero 21 na orihinal na iskedyul ng pag-*adopt* dito. Ito ang nagbunsod sa maraming miyembro at katuwang na samahan ng *PACT* tulad ng mga nasa *media* na gumawa ng isang manipesto upang isulong at hikayatin ang *IACAT* sa pamamagitan ng Sangguniang Panlalawigan ng Camarines Norte na i-*adopt* na ang *PHRS* upang maipatupad na ito para sa proteksyon ng mga kabataang biktima ng trapiking.

Kaugnay nito, pinagtibay ng Sangguniang Panlalawigan (SP) ang Resolusyon Blg. 143-2008 noong Abril 23, 2008 na humihiling sa IACAT na i-*adopt* ang *Philippine Guidelines on the Protection of the Trafficked Children*. Ito ay iniakda nina Bokal Pamela Pardo, Ligaya Lo-Pedron, Teresita de Leon-Malubay at Ruth Ferrer-Herrera.

Ayon kay Bokal Pardo, isinulong nila ang naturang resolusyon sapagkat naniniwala sila na kailangang agarang maipatupad ng IACAT ang naturang *guidelines* para sa kapakanan ng lahat na biktima ng trapiking. Sa paggawa ng mga resolusyon ay lagi nilang binibigyang-pansin ang pangkalahatang interes at kapakanan ng mga kabataan na karapatan naman ng mga ito susog sa *Convention on the Rights of the Child (CRC).*

Idinagdag pa nito na mawawalan ng saysay ang anumang kapakipakinabang na mga batas, ordinansa o *guidelines* at iba pang dokumento kung hindi mapagtitibay at agarang maipatutupad ito. Aniya, "Aanhin pa ang damo kung patay na ang kabayo."

Samantala, ang IACAT ay isang konseho na pinamumunuan ng *Department of Justice (DOJ)* at kinabibilangan *ng Department of Social Welfare and Development (DSWD), Department of Foreign Affairs (DFA), Department of Labor & Employment (DOLE), Philippine Overseas Employment Administration (POEA), Bureau of Immigration (BI) at, Philippine National Police (PNP), National Commission on the Role of Filipino Women (NCRFW).* Ang iba pang kaugnay na ahensya ay ang *Department of Interior & Local Government (DILG), Department of Tourism (DOT), Department of Education (DepEd), Department of Health (DOH), Department of Transportation & Communications (DOTC), Commission on Human Rights (CHR), National Bureau of Investigation (NBI), Overseas Workers Welfare Administration (OWWA), Council for the Welfare of Children (CWC), Philippine Information Agency (PIA) at Technical Education & Skills Development Authority (TESDA).*

Matatandaan na isinulong ng naturang mga Kagawad ng Sangguniang Panlalawigan ang naturang resolusyon bilang tugon sa manipesto ng mga miyembro ng *Media Advocacy Group of Camarines Norte*, mga kinauukulang opisyal ng mga pambansang ahensya sa lalawigan, opisyal ng mga pamahalaang lokal, at iba pang *child advocates* na dumalo sa *Media Advocacy Forum on the Protection of the Traffikced Children* na isinagawa noong Pebrero 28, 2008. ***LT IBASCO***




BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN
PROVINCE OF CAMARINES NORTE OFFICIAL SEAL

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Caneth A. Idioma, opinion; Luigi Martin P. Querubin, official photographer; Wilson V. Porcincula, art/ design .

***REPORTERS:*** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports– Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture – Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O.—Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; PCSSDD-Caneth A. Idioma; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism -Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng *Provincial Development Information Council (PDIC)* bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitolyo Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahili-ngan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Mga piling larawan















*1) Ang mga tumanggap ng titulo ng lupain mula sa Deparment of Environment and Natural Resources nang ito ay ibahagi sa kanila nina Gob. Jesus O. Typoco, Jr. at Executive Regional Director Joselin Mark Fragada. Ito ay kaugnay ng Earth Day Peoples Caravan na may temang: "Tubig ay Buhay, Ating pagyamanin at Linisin", na isinagawa sa CN Agro Sports Center. Kasama rin dito ang ilang opisyal mula sa iba't-ibang tanggapan ng DENR sa buong bansa; 2) Ang Ground Breaking Ceremony ng Provincial Tourism Information Center sa Brgy. Bagasbas, Daet. Ito ay dinaluhan ng Special Assistant to the CEO & General Manager Robert Dean Barbers na si Mike Planas at Chief of Staff Atty. Odra ng PTA, SP Member Pamela M. Pardo, Mayor Tito S. Sarion, at SP Member Michael G. Canlas; 3) Ang Memorandum of Agreement (MOA) Signing ng DENR at ng pamahalaang panlalawigan at iba pang mga lokal na pamahalaan dito sa lalawigan kaugnay ng programa ng DENR ukol sa pagpapanatili ng malinis na tubig. Ilan sa mga lumagda sa naturang MOA ay sina SB Member Nestor Dalida na kinatawan ni Mayor Sarion, ERD Mar Fragada, Gob. Typoco Jr., Mayor Silverio Quiñones ng Basud, at Mayor Edgar Ramores ng San Lorenzo Ruiz; 4) Ang proposed lighthouse na itatayo sa Bagasbas Beach na ang pundo ay mula rin sa Philippine Tourism Authority (PTA). Kasama sa unveiling na ito sina SP Members Pamela M. Pardo, Mike Canlas, Mayor Tito Sarion at Mike Planas at Atty. Odra.*

# Baylon, Marmol; Naghari sa Bantayog Cycling Tour

Sa isinagawang *1st Bantayog Cycling Tour* noong Abril, naghari sina Aisser Baylon at Joseph Marmol nang bagtasin nila ang 94 kilometrong ruta sa loob ng 2 oras, 37 minuto at 12 segundo (2: 37 :12.00); at, 2 oras, 50 minuto at 36 segundo (2: 50: 36.00) para sa *category A* at *B*, ayon sa pagkakasunod.

Tumanggap sila ng tig-P4,000.00 bilang gantimpala sa torneyong isinagawa kaugnay pa rin sa selebrasyon ng ika-88 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Lalawigan ng Camarines Norte na nakasentro sa *4th Bantayog Festival*.

Sa *category A*, nakuha ni Nelson Ramores ang 2nd place na naitala ang bilis na 2: 37: 22.00; Benigno Marmol-3rd place at rekord na 2: 37: 13.07; Joel Avilado-4th place at bilis na 2: 37: 13.75, P1,000.00, at; Michael Zarco-5th place na nakapagtala ng 2: 41: 38.48.

Nasungkit naman ni Arnel Fajardo ang *2nd place* sa category B dahil sa rekord na 2: 51: 13.44; Jose Acula-3rd *place*, 3: 06: 28.90; Esmeraldo Cabague-4th *place*, 3:06: 29.01, at; Alberto Garcia-5th *place* at bilis na 3: 06: 45.54. Si Cabague ay kawani ng Sangguniang Panlalawigan dito.

Ang mga nanalo sa *categories A* at *B* ay tumanggap ng gantimpalang tig-P3,000.00, P2,000.00, P1,000.00, at; P600.00, ayon sa pagkakasunod.

Ayon kay *Provincial Sports Coordinator* Jose Reniva, bagama't ito ang kauna-unahang torneyo para sa mga lokal na siklista, 57 kaagad ang lumahok dito na nahati sa *categories A* at *B*.

Nagsimula ang palaro sa harapan ng Kapitolyo sa ganap na ika-7 ng umaga at natapos bago magtanghali. Binagtas nila ang rutang Daet-Basud hanggang sa may bahagi ng Brgy. Bahi (Camarines Sur), bumalik sa bayan ng Daet at binagtas ang bayan ng Talisay, nagtungo sa bayan ng Vinzons at dumaan sa Vinzons-Guinacutan *road* patungo sa bayan ng Labo, bumalik sa Maharlika *road* sa bahagi ng Labo sa pagbalik sa bayan ng Daet, at; nagtapos sa harapan ng *Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center (CNASCC)*.

Heto ang talaan ng 10 pang nanalo sa *Category A*: Romel Jacinto, *6th place*; Ferdinand Anacin – *7th place*; Sergio Pumariga, *8th place*; Alexis Espeso, *9th place*; Rommel Salutem, *10th place*; Milo Ruideria, *11th place*; Ramil Villafuerte, *12th place*; Ernesto Baylon, *13th place*; Geny Bautista, *14th place*, at; Wilfredo Lausin, *15th place*; at para sa *Category B*: Jay-Ar Madera, *6th place*; Ildefonso Llagas Jr., *7th place*; Jayson Olano, *8th place*; Herson Vasquez, *9th place*; Jayson Avila, *10th place*; Richard Encarnacion, *11th place*; Jay Madera, *12th place*; Raymund Ybarola, *13th place*; Roldan Lalaguna, *14th place*, at; Philip Arana, *15th place*.

Sa parehong kategorya, pinagkalooban ng gantimpalang tig-P500.00 ang nakapag-uwi ng *6th place*; P400.00-*7th place*, P300.00-*8th place*, P200.00-*9th place*, at P100.00 para sa nakakuha ng *10th* hanggang *15th place*.

"Kahit hindi kami nanalo, masaya kami dahil natapos namin ang torneyo at sa susunod ay mas pag-iibayuhin namin ang paghahanda."

Ito ang sinabi nina Aldren Bernardo at Mark Angelo Abrera, mga pinakabatang kalahok mula sa bayan ng Labo. ***DARIO C. DIME/GEREMIAS C. IBANA/LT IBASCO***









***Ang 4th Bantayog Run na nagsimula sa harapan ng Kapitolyo na pinangasiwaan ni Provincial Sports Coordinator Jose V. Reniva ay nahati sa 3 kategorya - ang 10K, 5K at 3K run; Ginanap sa Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center ang paggawad ng tropeyo at gantimpalang salapi sa mga nagwagi.***

# Bilang ng mga Pilipino sa taong 2007, 88.57 milyon

Inilabas na ang opisyal na bilang ng mga Pilipino na naitala sa bialng na 88,574,614 base sa resulta ng *Census of Population (POPCEN 2007)* na isinagawa ng *National Statistics Office (NSO)* noong Agosto 2007. Ipinroklama ito ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo noong Abril 16, 2008 sa bisa ng Proklamasyon Bilang 1489.

Kung ikukumpara na nakaraang huling senso sa taong 2000 na umaabot sa bilang na 76.50 milyon, tumaas ang populasyon ng 12.07 milyon at nagresulta sa *average annual growth rate* na 2.04 posyento. Ito ang pinakamababang *annual population growth rate* na naitala mula noong dekada '60.

Sa buong bansa, ang Calabarzon *(Region IV-A)* ang nagtala ng pinalamalaking populasyon na 11.74 milyon. Sinundan ito ng *National Capital Region (NCR)* na may bilang na 11.55 milyon, at *Central Luzon (Region III)* na may populasyong 9.72 milyon.

Ang kabuuang populasyon ng naturang 3 rehiyon ay halos ikatlong bahagdan (37.3 porsyento) ng kabuuang populasyon ng bansa.

Nakapagtala naman ng populasyong 4,325,307 ang *Bicol Region* na nasa ikalabindalawang puwesto sa labing-walong rehiyon ng bansa.

Naitala naman ng Lalawigan ng Camarines Norte ang kabuuang populasyon na 513,785

*(Sundan sa pahina 8)*

# 4th Bantayog ...

*(Mula sa pahina 2)*

sa pagsayaw at paggalaw ayon sa ritmo ng tugtugin.

Sa pamamagitan nito, ipinakita ng bawat kalahok na bayan ang kanilang natatanging kultura at tradisyon na mas pinatingkad pa ng pagsuot nila ng mga *colorful and uniquely-designed costumes*.

Tinanghal na *Grand Provincial Champion* dito ang Labo na naiuwi ang *grand prize* na P70,000.00 dahil na rin sa matiyagang pagtuturo at pagsubaybay ng kanilang tagapagsanay na si Daniel B. Lanit.

Pumangalawa rito ang Basud na nakuha ang premyong P50,000.00 kung saan si Asuncion E. Salvador ang naging tagapagturo at lider nila.

Nasungkit naman ng Daet ang ikatlong puwesto at gantimpalang P40,000.00 sa ilalim na rin ng gabay ng kanilang tagapagsanay na si Mark C. Delfinado.

Sa iba pang *minor awards*, nakuha ng Labo ang titulong *Best in Moving Choreography*, *Best in Street Dance Costume* naman para sa Basud, at; *Best in Music* naman ang naiuwi ng Daet.

Sumali rin ang Basud, Daet, Labo at Paracale sa *float competition* gayundin ang mga bayan ng Sta. Elena at Talisay. Nabaligtad ang puwesto ng mga nanalo sa kumpetisyong ito sapagkat naging *grand provincial champion* dito ang Basud na tumanggap ng premyong P20,000.00.

Nakuha rito ng Daet ang ikalawang puwesto at gantimpalang P15,000.00 at; tinanggap naman ng Labo ang P10,000.00 na naiuwi ang ikatlong puwesto.

*(Sundan sa pahina 9)*

# Kilalanin ang pinyang Queen ng CNorte

Ang *'Queen'* ang pinakamatamis na uri ng pinya sa Pilipinas na tumitimbang nang halos isang kilo. Matingkad na kulay dilaw ang balat nito kung hinog na, ang laman ay malutong at hindi gaanong makatas ngunit matamis ang lasa.

Napag-alaman sa pagsusuri na isinagawa ng *DOLE Philippines* na mataas ang taglay na *iron, magne*sium, *potassium, copper* at *manganese* ng pinyang *'Queen'* kaysa *Hawaiian.*

Ayon sa *Food and Nutrition Research Institute (FNRI)* ang pinyang *'Queen'* ay nagtataglay rin ng 19 *mg. calcium,* 21 *mg. vitamin C*, 13 *mg. carbohydrates*, 15 *i.u. vitamin A* at 19 *mg. phosphorus.*

Dahil sa *versatility* ng pinyang *'Queen'* ito ay nakilala rin sa iba pang produkto mula rito gaya ng pineapple tart, *pineapple pie, jam, puree, juice,* candies at *nata de piña.*

Maging ang dahon ng pinya ay isa sa pinagkukunan ng magandang uri ng hibla para sa paggawa ng tela at papel na isa sa mga pangunahing produkto na pinagkakakitaan ng *Labo Progressive Multi-Purpose Cooperative (LPMPC)* na nasa Brgy. Malasugui sa bayan ng Labo, Camarines Norte.

Ang balat naman nito ang kasalukuyan ngayong pinagtutuunan ng pansin ng mga mananaliksik mula sa *Camarines Norte State College (CNSC)* para sa posibilidad na gawin itong *organic fertilizer.*

Upang magkaroon ng *competitive price* ang pinyang *Queen* sa lokal at pandaigdigang merkado, ang *Bureau of Agricultural and Fishery Products Standards* ay nagpalabas ng sumusunod na klasipikasyon base sa timbang ng pinyang *'Queen'* kasama ang korona nito:

*Extra large*
(mahigit 1,000 g.)
*Large*
(8,500 - 1,000 g.)
*Medium*
(700 - 850 g.)
*Small*
(550 - 700 g.)
*Batterball*
(mababa sa 550 g.)

Ang pamosong pinyang *Queen* na pangunahing produkto ng Camarines Norte ay nakatatak na hindi lamang sa mga pamilihang lokal kundi maging sa bansang *Korea* man na nabighani sa tamis ng pinyang *'Queen'.* ***MELINDA L. JEREZ***






## 52 kabataan ...

*(Mula sa pahina **10**)*

kanilang kaalaman at estilo upang mapaunlad ang kasanayan at angking talento ng mga kabataan dito sa iba't-ibang larangan ng sining tulad ng pagmomodelo, pag-arte, pagsayaw, pagkanta, at iba pa.

Patuloy itong sinusuportahan ni Gob. Jesus O. Typoco Jr. upang mabigyan ng pagkakataon ang mga kabataan na mapaunlad ang kanilang pagiging malikhain, mapagyaman ang kanilang talento, at mahubog ang kanilang personalidad sa pamamagitan ng *values formation* kaalinsabay ng kanilang pagkatuto ng iba't-ibang uri ng sining.

Ipinahayag naman ni Icatlo na ang kasaysayan, kultura at sining ang kaluluwa ng bansa, mga simbolo at *common ground* na pinagbubukalan ng inspirasyon ng mga mamamayan upang maging produktibong mga mamamayan.

Ang adhikain ng mga mamamayan tungo sa pangkalahatang kabutihan ng pamayanan ay mas nagiging marubdob dahil sa mga positibong paguugali, tradisyon at magagandang aral na naituro ng kasaysayan, kultura at sining. ***LT IBASCO***

*Ipinapaabot ni Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan ang mensahe ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. para sa selebrasyon ng ika-88 taong anibersaryo ng lalawigan at 4th Bantayog Festival; Hindi naman napigil ng ulan ang pagdiriwang at maging si DOT Regional Director Maria Ong-Ravanilla ay nakiisa sa selebrasyon. Makikita sa larawan (kanan) ang mga mutya ng iba't-ibang bayan sa lalawigan na lumahok sa street dancing competition.*

## List of Vacant Positions, Provl. Govt. of Camarines Norte

| Position Title | Item No. | Salary Grade | Date Vacated | Level | Place of Assignment | Education | Experience | Qualification /Requirement | | Other Requirements |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | Training | Eligibility | |
| Medical Laboratory Technician I | 4112 | 6 | | 1 | Provincial Health Office | Completion of a course of at least four (4) years leading to the degree of Bachelor of Science in Medical Technology or Bachelor of Science in Public Health | None required | None required | R.A. 1080 (Medical Laboratory Technician) | |
| CASUALS: Tourism Operations Officer I | | 11 | | 1 | PGCN | Bachelor's degree relevant to the job | None required | None required | C.S. Professional | |
| Tourism Operations Assistant | | 7 | | 1 | PGCN | Completion of two (2) years studies in college | None required | None required | C.S. Subprofessional | |
| Clerk I | | 3 | | 1 | PHO | Completion of two (2) years studies in college | None required | None required | C.S. Subprofessional | |

***(SGD) EDILBERTO C. BARAQUIEL, HRMO IV***




# OFFICIAL RESULTS of DIFFERENT COMPETITIONS
## 4th BANTAYOG Festival and 88th Founding Anniversary of CNorte

**BANTAYOG 10K RUN** *(SUNDAY, APRIL 13, 2008)*

| NO. | TIME | NAME | RANK |
|---|---|---|---|
| 526 | 33:34:60 | MERTO CORPUZ | 1 |
| 508 | 34:25:43 | ROMEO MARQUEZ | 2 |
| 537 | 34:44:72 | FRANKLIN PEÑALOSA | 3 |
| 559 | 34:45:19 | JUNREY SALDE | 4 |
| 538 | 37:28:10 | MIGUEL CARITAS | 5 |
| 546 | 38:34:60 | CRISTOPHER CRACO | 6 |
| 534 | 40:02:30 | ANDRES RAMOS | 7 |
| 558 | 40:28:63 | RICKY ABARCA | 8 |
| 507 | 40:55:32 | JONNY ROSAROS | 9 |
| 533 | 41:48:00 | ANDREW RAMOS | 10 |

**BANTAYOG 5K RUN** *(SUNDAY, APRIL 13, 2008)*

| NO. | TIME | NAME | RANK |
|---|---|---|---|
| 591 | 21:58:42 | MARY GRACE CARITAS | 1 |
| 593 | 22:06:53 | JANICE CARITAS | 2 |
| 595 | 22:41:28 | RACHELE GARFIN | 3 |
| 596 | 23:25:35 | DANICA YAGO | 4 |
| 597 | 29:35:29 | CHUMSKY GARFIN | 5 |
| 594 | 30:00:64 | ABEGAIL ILIGAN | 6 |
| 588 | 30:14:12 | MERLYN O. RACHO | 7 |
| 590 | 30:20:08 | MARICRIS C. RACHO | 8 |
| | 30:16:00 | JUNNEAR GARPIN | 9 |
| | 30:18:00 | MARIA MILCAN NUYLES | 10 |

**BANTAYOG 3K RUN** *(SUNDAY, APRIL 13, 2008)*

| NO. | TIME | NAME | RANK |
|---|---|---|---|
| 518 | 12:52:39 | ACE CABANELA | 1 |
| 508 | 13:22:75 | KAZIEL PANOL | 2 |
| 507 | 13:43:55 | AIZA VILLAFLORES | 3 |
| 509 | 16:00:36 | NELSON ENCINAS | 4 |
| 515 | 16:03:67 | JOHN MICHAEL ENCINAS | 5 |
| 502 | 17:15:95 | CYRUS AGNABO | 6 |
| 517 | 18:02:15 | JOHN PAUL ENCINAS | 7 |
| 516 | 20:02:17 | JOHN CHRISTIAN ENCINAS | 8 |
| 526 | 20:54:32 | ANGELO OPEÑA | 9 |
| 508 | 21:13:00 | JELLY LOGARTEJA | 10 |

**DRUM AND LYRE COMPETITION**

***CATEGORY I (ELEMENTARY)***

**1ST PLACE LABO ELEMENTARY SCHOOL 91.1**
**2ND PLACE BASUD ELEMENTARY SCHOOL 89.4**
BEST TRAINOR - LABO ELEMENTARY SCHOOL
BEST MAJORETTE - BASUD ELEMENTARY SCHOOL
BEST CONDUCTOR- BASUD ELEMENTARY SCHOOL
BEST IN COSTUME - BASUD ELEMENTARY SCHOOL

***CATEGORY II (SECONDARY)***

**1ST PLACE SAN ROQUE HIGH SCHOOL 95.3**
**2ND PLACE VINZONS PILOT HIGH SCHOOL 93.2**
**3RD PLACE L. CABEZUDO HIGH SCHOOL 92.8**
BEST TRAINOR - SAN ROQUE HIGH SCHOOL
BEST MAJORETTE - VINZONS PILOT HIGH SCHOOL
BEST IN COSTUME - VINZONS PILOT HIGH SCHOOL
BEST CONDUCTOR - L. CABEZUDO HIGH SCHOOL

**CITIZEN ARMY TRAINING (CAT) COMPETITION**

***FANCY DRILL COMPETITION***

**1ST PLACE L. CABEZUDO HIGH SCHOOL 90.2**
**2ND PLACE EMQ MEMORIAL HIGH SCHOOL 82.7**
***(Calaguas Islands, Vinzons, CNorte)***
**3RD PLACE LABO SCIENCE AND TECH. H/S 82.3**
BEST IN DANCING - LABO SCIENCE AND TECH. H/S

***STREET PARADE COMPETITION***

**1ST PLACE L. CABEZUDO HIGH SCHOOL 94.4**
**2ND PLACE CNSC ABANO LABORATORY H/S 93.9**
**3rd PLACE EMQ MEMORIAL HIGH SCHOOL 87.0**
***(Calaguas Islands, Vinzons, CNorte)***

***MOST DISCIPLINED UNIT***

**1ST PLACE CNSC ABANO LABORATORY H/S 1.5**
**2ND PLACE JOSE PANGANIBAN NATIONAL HIGH SCHOOL 2.6**

**UNDER 17 BEACH FOOTBALL**

| SCHOOL | RANK | PRIZE |
|---|---|---|
| MORENO INTEGRATED SCHOOL | 1 | P2,000.00 |
| MANTAGBAC ELEM. SCHOOL | 2 | P1,500.00 |
| VINZONS PILOT HIGH SCHOOL | 3 | P1,000.00 |

# 23 exhibitors lumahok sa agro-tourism & trade fair

Nakatulong ang 1-linggong *Agro-Industrial, Tourism and Trade Fair* na isinagawa noong Abril 8-15, 2008 sa Kalayaan Park ng *Provincial Capitol* kung saan 23 *exhibitors* mula sa iba't-ibang bayan ng lalawigan ng Camarines Norte at iba pang bayan at/o lalawigan sa Rehyong Bikol. Nahati sa 2 grupo ang mga exhibitors, ang *industrial* at *agricultural sectors*.

Umabot sa 16 na kumpanya ang kabilang sa *industrial sector* na nagbenta ng mga katutubong produkto tulad ng banig, tsinelas, basket, bag, sombrero, at iba pang *souvenir items*. Ilan sa mga ito ay ang *Terzavel Enterprises, Sanig Crafts and Outdoor Products, MDO Productions, Alfa Headwear and Accessories, Kagda Footwear, Sagka Adventure Enterprises, Corzo Crafts, Canada's Bamboo Crafts,* at *Erminnos Handicraft*.

Lumahok din dito ang *Silverado Silver and Outdoor Products, Caa yunan Multi-Purpose Cooperative, Labo Progressive Multi-Purpose Cooperative*, at ang *Triumph* na isa sa mga isponsor ng naturang aktibidad.

*(Suindan sa pahina 3)*




***Pinangunahan nina DTI Provincial Director Ernesto Pardo, Bokal Teresita DL. Malubay at Bokal Ligaya Pedron ang ribbon-cutting ng agro-tourism and-trade fair sa Kalayaan Park ng Kapitolyo kaugnay sa ika-88 taong anibersaryo ng Lalawigan ng Camarines Norte na sinaksihan nina (kaliwa-kanan) Bokal Joeffrey Pandi, Romeo Marmol, Jonah Pimentel, Lino Regala (ex-officio), Mike Canlas at Provincial Agriculturist Rodolfo B. Salamero.***

# Mahabang Buhangin...

*(Mula sa pahina 1)*

paa sa Mahabang Buhangin na matatagpuan sa *Mangcawayan Island*, Vinzons, Camarines Norte.

Sapat ang ganda ng lugar na ito para sa mga nais mag-relaks, magmuni-muni, at magsaya. Marami ang puwedeng gawin dito gaya ng *island hopping* dahil maraming maliliit na pulo sa paligid nito. Puwede ring mangisda, maligo, mag-*scuba diving* at manghuli ng ibon.

Ang mga pumupunta rito ay muling bumabalik dahil talaga namang para kang nasa paraiso sa gitna ng dagat sa ganda ng lugar.

Mula sa sentro ng bayan ng Vinzons, ang 'Mahabang Buhangin' ay mararating sa loob ng isa't kalahating oras sa pamamagitan ng pagsakay sa bangka o *motorboat*.

Ang mga dayuhan na nais magtungo roon ay nakikipag-ugnayan muna sa mga lokal na opisyal na nagiging *guide* din nila. Ang iba naman ay nakikipag-usap mismo sa mga residente sa naturang lugar.

Hindi pa gaanong nade-*develop* ang lugar; ilan pa lamang ang mga *cottages* dito subalit kung ito ay mapauunlad mas maganda ang islang ito kumpara sa *Boracay Island* ng Aklan. ***MARILYN P. ASIS***

# Bilang ng mga Pilipino ...

*(Mula sa pahina 6)*

na nahati sa populasyon ng 12 bayan dito: Basud -36,763, Capalonga-29,683, Daet-94,184, Jose Panganiban-49,028, Labo-88,087, Mercedes -44,375, Paracale-46,856, San Loren-zo Ruiz-12,299, San Vicente-9,615, Sta. Elena-40,300, Talisay-22,942, at; Vinzons-39,653 o kabuuang 513,785.

Ang datos naman para sa barangay level ay maaaring makuha sa tanggapan ng *NSO Provincial Office* sa bayan ng Daet o sa *NSO website* (www.census.gov.ph).

Isinagawa ng NSO ang nakaraang senso alinsunod sa Batas Pambansa Bilang 72 at Commonwealth Act 591. ***JANICE ESPIRITU***

# Mga disenyo ni Mark ...

*(Mula sa pahina 2)*

Zyrdinand Sarmiento, Benmar T. Mago Jr., Christian B. Lagarteja, Bruce A. Venida, Rowen A. Pimentel, at Johann Syrille Maigue.

Ito ang ikalawang taon na isinagawa ang 'sagalahan' na karaniwang isinasabay sa pagdiriwang ng anibersaryo ng lalawigan at *Bantayog Festival*.

Walang bayad ang panonood nito kaya patuloy itong tinatangkilik at dinadagsa ng mga mamamayan na mahilig sa magaganda at kakaibang kasuotan para sa iba't-ibang okasyon at pagkakataon. ***LT IBASCO/ Janice Espiritu***

## 23 exhibitors ...

(Mula sa pahina 3)

han/bisita sa lalawigan ng Camarines Norte ang mga produktong agrikultural, mga kakanin at iba pang katutubong produkto na gawa rito gayundin ang mga potensyal na lugar-panturismo dito, at ang mga produkto mula sa ibang bahagi ng Rehiyong Bikol na nakiisa sa nasabing pagdiriwang.

Samantala, ang 1-linggong eksibit ay pormal na binuksan sa publiko noong Abril 8 matapos ang *ribbon-cutting ceremony* na pinangunahan nina PA Salamero, PD Pardo at *Tourism Officer-Designate (TOD)* Edgardo R. Reyes.

Una rito, isinagawa ang programa kaugnay nito na tinampukan ng mga sumusunod: *opening remarks* ni PA Salamero, *welcome address* ni PD Pardo, *presentation of exhibitors* ni *TOD* Edgardo R. Reyes, *inspirational message* ni Sangguniang Panlalawigan (SP) Kagawad Romeo R. Marmol, *intermission number* ng *Jollibee Mascot*, at *closing remarks* ni SP Kgd. Arthur Michael G. Canlas.

Pinangasiwaan naman ni Agnes V. Fanoy, *trade fair coordinator* at kawani ng DTI, ang daloy ng naturang programa bilang *emcee*. **MJEREZ/ETRIBERTA/LT IBASCO/noreen/db tresmonte**

## 4th Bantayog ...

(Mula sa pahina 6)

Pinangunahan naman ni *Regional Director* Maria "Nene" Ong-Ravanilla ng *Department of Tourism (DOT) Region V*, ang paganusyo sa mga nanalo sa naturang *grand street dancing competition* bilang *chairman* ng *board of judges*.

Siya rin ang naging panauhing pandangal at tagapagsalita sa nabanggit na okasyon na patuloy na sumusuporta sa mga inisyatibo ng pamahalaang panlalawigan para maisulong ang industriya ng turismo rito.

Nakasama naman ni Ravanilla sa masusing pagpili ng mga nanalo ang mga miyembro ng hurado na sina: *Professor* Josephine Guillen, *division chief* at *dance director*, *Performing Arts Department-Cultural Center of the Philippines (PAD-CCP* ; *Professor* Esteve Basilio Villaruz, PAD-CCP, at; Randy Salvani ng *University of Sto. Tomas (UST)*.

Nagsilbi namang miyembro ng mga hurado para sa *float competition* sina *Provincial Director* Ernesto T. Pardo ng *Department of Trade and Industry (DTI)*, *Provincial Agriculturist* Rodolfo B. Salamero ng pamahalaang panlalawigan, at Cherilou Vergara, may-ari at tagapamahala ng *Caramel Bakeshop and Restaurant*, Daet, Camarines Norte.

Matapos ang naturang kumpetisyon, hindi pa umuwi ang mga manonood sapagkat inaba-ngan din nila ang pagdilim ng paligid para masaksihan ang *fireworks display* na taun-taong isinasagawa bilang hudyat sa pagtatapos ng pagdiriwang ng anibersaryo ng lalawigan.

Sa pamumuno naman ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr., ipinaaabot ng pamahalaang panlalawigan ang lubos na pasasalamat nito sa lahat na mga sumuporta at tumulong upang maging matagumpay ang selebrasyon dito ng ika-88 taong anibersaryo ng lalawigan ng Camarines Norte na nakatuon sa temang, "Isang Sayaw, Isang Galaw, Isang Adhikain".

Ito ay kinabibilangan ng mga sumusunod: *DOT, National Commission for Culture and the Arts (NCCA), San Miguel Brewery, Coco-Cola Bottlers Phils., Inc., Globe, ABS-CBN, Jollibee Foods Corporation, Family Merchants Development Corporation (FMDC), Central Plaza Restaurant, Camarines Norte Electric Cooperative (CANORECO), Bench, Fuller Life, Herbalife, Villa Mila Resort, Canimog Hotel and Restaurant, Apple's Studio, Golden Palace Restaurant, Triumph, Sundance Direct Selling, Fashion Exchange Daet Service Center, Centro Department Store, Ato Umali, Labo Mayor Winifredo B. Oco,* at *Department of Education (DepEd)*. **LT IBASCO**

## Paita kinoronahan ...

(Mula sa pahina 10)

Probinsyal. Si Paita ang kinatawan ng bayan ng Daet sa naturang patimpalak.

Tinanggap niya ang gantimpalang P30,000.00, sitro at sash bilang natatanging dilag ng lalawigan na nangibabaw ang ganda, husay at talino kumpara sa 11 kandidata na nakatunggali niya sa patimpalak.

Napili rin siyang *'Darling of the Press'* ng mayorya ng mga miyembro ng media sa lalawigan dahil sa mahusay niyang pagtugon sa mga katanungan sa *press conference cum candidates' presentation* na una nang isinagawa noong Marso 31, 2008 sa Villa Mila Hotel dito sa Daet.

Tinanghal namang *Miss Bantayog Festival 2008* si Abegail G. Marco na tumanggap ng gantimpalang P20,000.00 at siyang kandidata ng bayan ng Sta. Elena. Nakuha rin niya premyong P5,000.00 para sa *minor award* na *Best in Festival Costume*.

Naiuwi naman ni Angel May Garcia Villafuerte ng bayan ng Basud_ang titulong *Miss Camarines Norte Tourism 2008* at gantimpalang P15,000.00. Nasungkit din ni Villafuerte ang *minor awards* na *Best in Evening Gown* at *Miss Photogenic*.

Nakuha naman nina Theresa Ferrer de Mata ng bayan ng San Vicente at Annaliza Asis ng bayan ng Jose Panganiban ang *consolation prize* na tig-P5,000.00 nang tanghalin sila bilang *Miss Congeniality* at *Best in Swimsuit*, ayon sa pagkakasunod.

Ang opisyal na kandidata ng mga kaukulang pamahalaang bayan dito sa naturang patimpalak ay sina Jalina Elvira Pider-Capalonga, Ma. Kathleen Ann P. Labutong-Labo, Jerizza Joy C. Vichoso-Mercedes, Maricris Eneria Bohol-Paracale, Annalyn Joy H. Bacuño-San Lorenzo Ruiz, Janeth S. Abanto-Talisay, at; Joan Ricafort-Vinzons.

Nagsilbing grupo ng inampalan sa naturang kumpetisyon sina Katrina Villanueva, Mutya ng Tabak of Tabaco City (Legazpi, Albay); Mac Albert Cadiz, Pacific Male Supermodel 2008 (Daraga), Armando Faria, *fashion designer at international swimwear and lingerie designer for European/American market (Manila)*; Maribeth Lim-Ong, *businesswoman* mula sa Naga City, at; Joycie Nocomura, *Miss Earth Philippines-Water (Naga City)*.

Ang paggawad ng mga kaukulang sertipiko at plake sa naturang grupo ng inamplan, mga pamahalaang lokal at mga kandidata ay pinangunahan nina Engr. Gerardo G. Quiñones, executive assistant IV-Office of the Governor (G.O.); at, Sangguniang Panlalawigan Kagawad Pamela Pardo-Pujalte na inalalayan nina Tourism Officer-Designate Edgardo R. Reyes at Aga Riñon, *chairman* ng *Task Force* Mutya 2008.

Pinagkalooban din ng katulad na gawad-pagkilala ang mga grupo at indibidwal na aktibong sumuporta at nagbigay ng tulong-pinansyal sa pamahalaang panlalawigan na nakatulong upang matagumpay na maisakatuparan ang naturang aktibidad.

Ang nabanggit na patimpalak ay isa sa mga tampok na gawain sa selebrasyon ng ika-88 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng lalawigan ng Camarines Norte na nakatuon sa temang, "Isang Sayaw, Isang Galaw, Isang Adhikain". **LT IBASCO**

## Tourist-Oriented ...

(Mula sa pahina 10)

*Chief, PDG* Avelino I. Razon na nakapaloob sa *"Mamang Pulis and Aleng Pulis Advocacy"* ng naturang tanggapan.

Sa ilalim ng programa, hinuhubog ang hanay ng kapulisan na maging maka-Diyos, makatao, *presentable*, madaling lapitan at maaasahan sa lahat ng oras.

"Kinikilala ng pamahalaang panlalawigan ang mga pagsisikap ng pulisya para makatulong sa pagpaunlad sa industriya ng turismo sa lalawigan. Maliban sa pagpanatili ng kapayapaan at kaayusan sa pamayanan na nakagaganyak ng mga turista, ang mga pulis ay maaaring magbigay ng impormasyon o maging mga tourist guide samantalang nagbibigay ng seguridad sa mga bisita ng lalawigan."

Ito ang bahagi ng mensahe ni Bokal Pamela Pardo, *chairman* ng *Committee on Tourism* ng Sangguniang Panlalawigan (SP) sa *opening program* na isinagawa bago ang naturang pagsasanay.

Tinalakay sa 2-araw na aktibidad ang mga sumusunod: *Tourism as an Industry, Tourism Officer-Designate* Edgardo Reyes; *Camarines Norte as a Tourist Destination and the Provincial Government Initiatives* – SP Kagawad Pamela Pardo; *Plus and Minus Factors in Tourism Industry – Social Welfare Officer II* Cynthia dela Cruz, *Provincial Social Welfare and Deve lopment Office* (PSWDO); *Value-Laden Tourist-Oriented Police – Police Senior Inspector (PSI)* Alex Pardo, CNPPO *chaplain*; Mamang Pulis and Aleng Pulis *Advocacy – Police Superintendent* Ricardo Villanueva, *CNPPO deputy provincial director; Police Community Partnership and Tourism Development – PSI* Flor Mirasol, *CNPPO community relations officer*. **(MLladoc/Samonte/Ibasco)**







*Kaugnay ng 88th Founding Anniversary at 4th Bantayog Festival, ilinunsad ng Philippine National Police ng Camarines Norte sa pamamagitan ng Police Community Relations (PCR) na pinamumunuan ni PSI Flor E. Mirasol ang Tourist Oriented "Mamang Pulis, Aleng Pulis" program sa pamamagitan ng 2-Araw na Seminar Workshop sa pakikipagtulungan kay Tourism Officer-designate Boy Reyes. Dito ay naging pangunahing mananalita si Bokal Pamela M. Pardo, Chairperson, SP Committee on Tourism.*

# Tourist-Oriented Mama at Aleng Pulis inilunsad

Sumailalim ang 30 piling pulis sa lalawigan ng Camarines Norte sa 2-day *Seminar/Workshop on Tourist-Oriented* Mamang Pulis at Aleng Pulis noong Abril 2-3, 2008 sa *Golden Palace Restaurant* na bahagi ng pagdiriwang ng ika-88 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Camarines Norte at 4th *Bantayog Festival*.

Isinagawa ito ng *Camarines Norte Provincial Police Office (CNPPO)* sa pakikipagtulungan ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *Tourism Division* ng Tanggapan ng Gobernador.

Kabilang ang *Tourist-Oriented Police (TOP)* sa mga programang isinusulong ni *Philippine National Police (PNP)*

(Sundan sa pahina 9)

# Paita kinoronahang Miss Camarines Norte 2008 iba pang nanalo sa grand pageant night pinarangalan

Kinoronahan bilang 2008 *Miss Camarines Norte* si Czarina Paita sa *grand pageant night* ng 2008 *Search for Miss Camarines Norte/Miss Bantayog Festival/Miss Camarines Norte Tourism* na isinagawa noong Abril 13, 2008 sa *Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center (CNASCC)* ng Kapitolyo

(Sundan sa pahina 9)






CZARINA PAITA
Miss Camarines Norte 2008



ABEGAIL MARCO
Miss Bantayog Festival 2008

*Ang mga nagwagi sa isinagawang Search for 2008 Miss Camarines Norte, Miss CN Tourism at Mutya ng Bantayog. Tinanghal na Miss Camarines Norte 2008 si Czarina Paita ng bayan ng Daet, (gitna) samantalang si Abigail Marco (kaliwa) naman ang tinanghal na Miss Bantayog Festival 2008; at si Angel May Villafuerte (kanan) ang nanalong Miss Camarines Norte Tourism 2008. Sila ang nangibabaw sa may labindalawang (12)kandidata mula sa iba't-ibang bayan dito sa Camarines Norte.*



ANGEL MAY VILLAFUERTE
Miss Camarines Norte Tourism 2008

PROVINCE OF CAMARINES NORTE OFFICIAL SEAL
BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN
TAON 7, BLG. 10 DAET, CAMARINES NORTE ABRIL 2008
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

# 52 kabataan sumailalim sa 2008 Summer Theater Arts Workshop

Sa *Showcase of Talents* na isinagawa noong Abril 29 sa *Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center (CNASCC)*, ipinakita ng 52 kabataan ang kanilang natutuhan sa *2008 Summer Theater Arts Workshop* na dinaluhan nila simula Abril 14-25, 2008.

Masiglang lumahok sa naturang programa ang mga kabataan na nagpakitang-gilas sa kanig *fashion show, puppet show*, kumot *dance, pantomine*, at *stage play* na "Bakit Babae ang Naghuhugas ng Pinggan" at "Kisap-Mata".

Tinampukan din ito ng *production number* ng naturang mga kabataan, at *surprise number* ng mga kawani ng *Museum Archives and Shrine Curation Division (MASCD)* at mga benepisaryo *ng Special Program for the Employment of Students (SPES)* na nakatalaga sa naturang dibisyon ng Tanggapan ng Gobernador.

Taun-taong itinataguyod ng pamahalaang panlalawigan ang naturang gawain na pinangangasiwan ng *Museum, Archives and Shrine Curation Division (MASCD)* ng Tanggapan ng Gobernador na pinamumunuan ni Abel C. Icatlo, *museum curator I.*

Isinagawa ito ngayong taon sa pakikipagtulungan ng *Group of Theater Arts Students (GTAS)* ng *Bicol University (B.U.)-College of Arts and Letters* na binubuo nina Katherine Dominique Lagrimas, Kristeel Bantinan, Jamy Bien, Angeline Napire, Mirasol Abainza at Joel Pria.

Matiyaga silang nagturo at nagbahagi ng

(Sundan sa pahina 7)



*Ang mga kabataang lumahok sa 2008 Summer Theater Arts Workshop ng MASCD sa pamumuno ni G. Abel C. Icatlo katuwang ang ilang mag-aaral mula sa Bicol University.*